

www.kidworship.kr




48Page



49Page



50Page



51Page

# Ang Mabuting Samaritano

– 8th Story–

**NAR** Lumapit kay Jesus ang isang tagapagturo ng Kautusan upang subukin siya.

**Expert** "Guro, ano po ang dapat kong gawin upang magkaroon ng buhay na walang hanggan?"

**Jesus** "Ano ang nakasulat sa Kautusan?

**Expert** "Mahalin mo ang Panginoon mong Dios nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong lakas, at nang buong pag–iisip. At mahalin mo ang iyong kapwa tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili."

**Jesus** "Tama ang sagot mo," "Gawin mo iyan at magkakaroon ka ng buhay na walang hanggan."

**NAR** Pero ayaw mapahiya ng tagapagturo, kaya nagtanong ulit siya.

**Expert** "At sino naman po ang kapwa ko?"

**NAR** Bilang sagot sa kanya, nagkwento si Jesus.

---

**Jesus** "May isang taong papunta sa Jerico galing sa Jerusalem. Habang naglal–akad siya, hinarang siya ng mga tulisan.

**Robber 1** Hoy! Amina ang pera at mga damit mo! Hmmp! Amin na ngayon ang mga 'to!

**Man** Wag! Pakiusap, ibalik nyo sa kin yan!

**Robber 2** Mukang kaiangan kang turuan ng leksiyon!!!! (Suntok! Suntok!)

**Man** Argh! Ugh! Oomph! Ow! Ouch!!

**Jesus** Kinuha nila ang mga dala niya, pati na ang suot niya. Binugbog nila siya at iniwang halos patay na sa tabi ng daan.

---

**Jesus** Masyadong nabugbog ang lalaki at hindi na siya makatayo. Mayamaya, nakarinig sya ng naglalakad. Ang naglalakad ay isang pari na nag–aalay ng handog sa templo ng Diyos.

**Man** (sa isip) Hay salamat, isang pari! Siguradong tutulungan nya ako! Ugh...parang–awa nyo na, tulungan nyo ko! Aray...aray...pakiusap tu–lungan nyo ko!

**Jesus** Ngunit nang makita ng pari ang taong nakahandusay, lumihis siya at nagpatuloy sa kanyang paglalakad.

---

**Jesus** Makalipas ang ilang saglit may narinig na naman syang naglalakad. Ang naglalakad ay isang Levita na tumutulong sa mga pari sa templo.

**Man** (sa isip) Huh! .... isang Levita! Siguradong tutulungan nya ako! Pa–rang–awa nyo na, tulungan nyo ko! Pakiusap.....Parang–awa nyo na, tu–lungan nyo ko!

**Jesus** Nakita rin ng Levita ang lalaking nakahandusay sa kalsada pero lumihis din siya at sa kabila dumaan.



52Page

**Jesus** Pahina na ng pahina ang lalaki. Makalipas ang ilang sandali, may narinig na naman syang dumarating. Isang lalaki ang naglalakbay sakay ng kaniyang asno. Isa siyang Samaritano. Ang mga Samaritano ay hindi pinapansin ng mga Israelita dahil mababa ang tingin nila sa mga ito.

**Man** (sa isip) Hindi ako tinulungan maging ng pari at Levita. Siguradong lalampasan din ako ng Samaritanong ito. Ah, nauubos na ang lakas ko....siguro ito na ang katapusan ko.

**Jesus** Mahinang mahina na ang lalaki at halos sumuko na siya nang biglang may pambihirang nangyari. Bumaba ang Samaritano sa kanyang asno at lumapit para tulungan sya.



53Page

**Samaritan** Nakupo! Andami nang nawalang dugo sayo. Maraming tulisan sa lugar na 'to. Dapat mag-ingat ka!

**Jesus** Hinugasan nya ng alak ang sugat ng lalaki, binuhusan ng langis at saka binendahan.



54Page

**Jesus** Pagkatapos, ang lalaki ay isinakay ng Samaritano sa kanyang asno at dinala ito sa bahay-panuluyan upang maalagaan doon. Kinabukasan, binigyan niya ng dalawang salaping pilak ang may-ari ng bahay-panuluyan, at sinabi,

**Samaritan** "Heto, alagaan mo siya, at kung higit pa riyan ang iyong magagastos, babayaran ko sa aking pagbalik."

**NAR** Pagkatapos magkwento ni Jesus, tinanong Nya ang tagapagturo ng Kautusan na unang nagtanong sa Kanya.

**Jesus** May tatlong tao sa kwento --isang pari, isang Levita at isang Samaritano. "Sa palagay mo, sino kaya sa tatlo ang naging tunay na kapwa ng taong hinarang ng mga tulisan?"

**Expert** "Ang tao pong naawa at tumulong sa kanya --- ang Samaritano.

**Jesus** Sinabi sa kanya ni Jesus, "Lumakad ka at ganoon din ang gawin mo."

**NAR** Ang tagapagturo ng Kautusan ay napaisip ng malalim sa mga sinabi ni Jesus.